Nakakatulong ang Project Sentinel

Ang Project Sentinel ay isang di-nagtutubong ahensiya ng Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay na nagkakaloob ng edukasyon at pagpapayo sa mga miyembro ng komunidad, mga tagapagkaloob ng bahay, at mga tenant tungkol sa mga batas sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay. Kami ay nag-iimbistiga rin sa mga reklamo at nagtataguyod para sa mga nakaranas ng diskriminasyon sa pagkakaloob ng bahay.

Kapag tumawag kayo sa Project Sentinel, ang isang tauhan ay tatalakay sa iyong problema sa pabahay at papayuhan ka sa iyong mga karapatan sa ilalim ng mga batas sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay. Kung ikaw ay isang tenant, maaaring magawa namin na:

- imbestigahan ang iyong reklamo
- edukahan ang may-ari o tagapamahala tungkol sa kanilang mga obligasyong pambatas
- makipag-usap sa may-ari o tagapamahala ng ari-arian para sa iyo
- tulungan ka na magharap ng reklamo sa isang pang-estado o pederal na ahensiya ng pagpapatupad
- magtaguyod para sa iyo sa panahon ng proseso ng reklamo
- irekomenda ka sa isang libreng abugado sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay para sa higit pang tulong na pambatas

Kung ikaw ay isang tagapagkaloob ng bahay, maaaring magawa namin na:

- ipaliwanag ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng mga batas sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay
- magsagawa ng isang pagsasanay sa makatarungang pagkakaloob ng bahay para sa iyo at/iyong mga tauhan
- magkaloob sa iyo ng mga karagdagang tagatulong upang tulungan ka sa pag-unawa at paglutas ng iyong mga problema sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay

Ang aming mga serbisyo ay **walang singil** at makukuha anuman ang iyong kita o katayuang pang-imigrasyon.

Lugar ng Serbisyo ng Project Sentinel

Nagagawa ng Project Sentinel na magkaloob ng tulong sa pamamagitan ng telepono o sa isa ng aming maraming panrehiyong opisina. Kami ay nagkakaloob ng tulong sa mga taong nakakaranas ng diskriminasyon sa pagkakaloob ng bahay o sariling inuupahang bahay sa mga sumusunod na heograpikong lugar:

County ng Santa Clara
County ng San Mateo
County ng Stanislaus
County ng Sacramento
County ng Monterey
Lungsod ng Fremont
Lungsod ng Merced

Kontakin ang Project Sentinel para sa tulong!

Walang Bayad: (888) 324-7468
TTY: (800) 735-2929
info@housing.org

Facebook:
facebook.com/PSProjectSentinel
Twitter:
@ProjSentinel

www.housing.org

Ang Project Sentinel ay pinopondohan sa pamamagitan ng Programang mga Inisyatibo sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay (FH700G14018) ng U.S. Department of Housing and Urban Development at lokal na Mga Blokeng Gawad sa Pagpapaunlad ng Komunidad.

Ang Project Sentinel ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, edad, o katayuang pampamilya.

Diskriminasyon sa Pagkakaloob ng Bahay

Alamin ang Iyong mga Karapatan at Responsibilidad

Project Sentinel

Isang Dhnagtutubong Ahensiya sa Makatarungang Pabahay

Alamin ang Inyong mga Karapatan

Sa ilalim ng pederal at pang-estadong mga batas sa Makatarungang Pagkakaloob ng Bahay, labag sa batas para sa sinuman na kalahok sa pagkakaloob ng bahay—kabilang ang mga may-ari ng bahay, tagapamahala ng ari-arian at tauhan, ahente ng tunay na ari-arian, HOA, tirahan, bangko, at mga parke na nailipat na bahay—na:

- tumangging iparenta o ipagbili ang isang bahay
- sumingil ng mas mataas na renta o depositong panseguridad
- itaboy ang mga tao patungo o palayo sa mga partikular na kapitbahayan o mga bahagi ng gusali
- magpaalis ng isang tenant
- gumamit ng naiibang mga tuntunin o pamantayan, o tinatrato ang mga tao nang naiiba
- guluhin o bantaan ang isang naghahanap ng bahay, kanilang mga kaibigan, at mga miyembro ng pamilya

…**DAHIL SA** isa sa mga sumusunod na protektadong mga katangian:

Kapansanan
Katayuang Pampamilya*
Relihiyon
Kasarian
Lahi
Kulay
Bansang Pinagmulan
Ninuno
Sekswal na Oryentasyon
Kinikilala o Ipinahayag na Kasarian
Katayuang Marital
Pinanggagalingan ng Kita
Edad

…o dahil sa anumang **arbitraryong katangian** na walang kaugnayan sa kakayahan ng isang tao na maging mabuting tenant o maging pinansiyal na kuwalipikado upang bumili ng isang bahay.

Labag din sa batas para sa iyong tagapagkaloob ng bahay na parusahan ka dahil sa pagrereklamo tungkol sa diskriminasyon o pakikipag-usap sa isang ahensiya ng Project Sentinel.

***Pamilyang may mga anak na wala pang 18 taong gulang.**

Magmasid para sa mga Palatandaan ng Diskriminasyon sa Pabahay

Sa ilang halimbawa ng diskriminasyon sa pagkakaloob ng bahay ay maaaring kabilang ang:

- ang renta o deposito na sinabi sa iyo ay mas mataas kaysa inianunsiyo.
- sinabi ng tagapamahala na ang yunit ay narenta na pero ang anunsiyo ay nakalagay pa
- sinabihan ka na "Hindi mo magugustuhan dito," o "Walang lugar para maglaro ang iyong mga anak"
- sinabihan ka na masyadong maraming tao sa iyong pamilya, o kakailanganin mong magbayad nang mas malaking renta para sa mas maraming tao
- ang mga tuntunin ay ipinatutupad laban sa ilang tenant at hindi sa iba
- ang mga pagkukumpuni ay ginagawa lamang para sa mga tenant ng isang etnisidad o lahi
- ang tagapamahala ay nagtanong ng tungkol sa iyong katayuang pang-imigrasyon
- ayaw kang pahintulutan ng may-ari na magkaroon ng isang hayop ng suportang pandamdamin
- ayaw igawad ng tagapamahala ang isang kahilingan na may kaugnayan sa isang kapansanan
- sinabihan ka na hindi ka kuwalipikado dahil ang iyong kita ay hindi galing sa isang trabaho
- ang isang empleyado o kapitbahay ng ari-arian ay sekswal na nanligalig sa iyo
- ang isang kapitbahay ay nanligalig sa iyo dahil sa iyong lahi, relihiyon, o etnisidad
- ikaw ay pinatatalsik dahil ikaw ay isang biktima ng karahasan sa tahanan

Protektahan ang Iyong Sarili o Gumawa ng Aksiyon

Anuman ang iyong kalagayan, may mga bagay na magagawa mo upang protektahan ang iyong sarili kung naghihinala ka ng diskriminasyon.

Kung ikaw ay naghahanap ng bahay:

- magtago ng mga kopya ng mga anunsiyo sa pagpapaupa o pagbebenta
- kunin ang pangalan, titulo, at impormasyon sa makokontak para sa sinumang nakausap mo
- kumuha ng mga tala kapag tumawag ka o binisita ang ari-arian
- isulat ang anumang mga kinakailangan sa aplikasyon
- alamin ang kahandaan ng lahat ng yunit sa ari-arian
- i-save ang mga e-mail, teksto, o voicemail
- hingin sa mga testigo ang kanilang pangalan at numero ng telepono

Kung nagkakaroon ka ng problema sa iyong tagapamahala o may-ari ng ari-arian:

- agad isulat ang isang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari: kabilang ang mga panahon, petsa, at testigo
- itago ang mga kopya ng anumang mga paunawa
- gumawa ng mga kahilingan at sumagot sa mga paunawa nang nakasulat
- kausapin ang iyong mga kapitbahay tungkol sa kanilang mga karanasan
- kunin ang impormasyon tungkol sa makokontak para sa anumang mga kapitbahay na umaalis

Pinakamahalaga, ang pinakamahusay na magagawa mo ay tawagan agad ng Project Sentinel para sa tulong.